



COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN

Ika-21 ng Abril, 2022

Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

KAILANGAN NG MGA MANGGAGAWA SA BOTOHAN PARA SA IKA-7 NG HUNYO NA GUBERNATORYAL NA PRIMARYA

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ay naghahanap ng mga manggagawa sa botohan para sa [Ika-7 ng Hunyo na Gubernatoryal na Primaryang Eleksyon](#). Ang mga manggagawa sa botohan ay may mahalagang papel sa mga eleksyon at maaaring maglingkod sa kanilang komunidad habang kumikita ng \$15 kada oras.

Sa pagpapakilala ng Voter's Choice Act, pinapalitan ng mga voter center ang mga tradisyonal na lugar ng botohan. Ang mga vote center ay bukas sa buong county para sa isang pinahabang panahon bago ang Araw ng Eleksyon. Sa halip na isang araw ng serbisyo, ang mga manggagawa sa botohan ay kailangan na ngayon upang tauhan ang mga vote center hanggang 11 araw sa loob ng dalawang linggo bago ang Araw ng Eleksyon.

Ang mga nagsasalita ng English na bilingguwal sa Chinese, Filipino, Spanish o Vietnamese ay kinakailangan din.

Kasama sa mga responsibilidad:

- Pagsusumite ng hiring/payroll na mga papeles
- Pagdadalo sa dalawang-araw, bayad na pagsasanay ng mga manggagawa sa botohan
- Pagbubukas/pagsasara ng isang vote center
- Pagpo-proseso ng mga botante
- Pagsasagot sa mga tanong ng botane

Upang maging isang manggagawa sa botohan, ang mga aplikante ay dapat nasa 18 taong gulang, isang U.S. citizen at nakarehistro upang bumoto sa California, o legal na tinanggap para sa permanenteng paninirahan sa Estados Unidos. Ang mga aplikante ay dapat ding magtakda ng kanilang sariling transportasyon sa kanilang nakatalagang vote center.



COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN

Ika-21 ng Abril, 2022

Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

Ang Tagapagrehistro ay naghahanap ng mga team player, nagpapakita ng malakas na pamumuno at mga kasanayan sa serbisyo sa customer, at nagpapakita ng flexibility, pasensya at pinakamataas na antas ng integridad sa lahat ng oras. Ang mga manggagawa sa botohan ay dapat magrepresenta sa Tagapagrehistro ng mga Botante sa isang propesyonal, hindi partidistang paraan.

Ang opisina ng Tagapagrehistro ay nakikipagtulungan sa Public Health Services upang masiguro ang kalusugan at kaligtasan ng mga manggagawa at botante sa eleksyon. Ibibigay sa mga manggagawa ang mga inirerekumendang personal protective equipment at sanitation supplies para maisagawa nila ang proseso ng eleksyon nang ligtas.

Ang mga aplikasyon ay available [online](#). Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang (858) 565-5800 o mag-email sa pollworker@sdcounty.ca.gov.

###

COUNTY**NEWS**CENTER

